


ANG KARAKTER NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA



ADRIAN EBENS



Adrian Ebens, Mayo 2026

Karapatang-ari © 2026, Adrian Ebens

Maranathamedia.com

Ipinahayag at pinangangalagaan ang moral na karapatan ng may-akda.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin, paramihin, o ipamahagi para sa layuning pangkomersiyo, kabilang ang pagpapadala nito sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, elektroniko, mekanikal, pagpo-photocopy, pagrerekord o iba pang paraan, nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala at sa mga may hawak ng karapatang-ari. Pakitandaan na binigyang-diin ng may akda ang ilang bahagi ng mga talata sa pamamagitan ng paggamit ng makapal na titik upang bigyang-pansin ang isang tiyak na puntong makikita sa mga tekstong iyon. Maliban kung may ibang pagtukoy, ang mga sipi mula sa Banal na Kasulatan ay hinango sa *New King James Version*. Karapatang-ari © 1982 ng Thomas Nelson, Inc. Ginamit nang may pahintulot. Ang mga sipi mula sa Banal na Kasulatan na may pagtukoy na KJV ay hinango sa Banal na Bibliya, *King James Version*. Karapatang-ari © 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit nang may pahintulot. Ang mga sipi mula sa Banal na Kasulatan na may pagtukoy na ESV ay hinango sa Banal na Bibliya, *English Standard Version*. Karapatang-ari © 2001, 2016 ng Crossway Bibles, Good News Publishers. Ginamit nang may pahintulot.

Ang transkriptong ito at ang lahat ng iba pang mga publikasyon ng Maranatha Media ay makukuha sa aming website na maranathamedia.com Upang umorder ng karagdagang kopya, mangyaring magpadala ng email sa adrian@maranathamedia.com

Ang transkrip na ito ay

Ipinresenta ni Adrian Ebens

Isinalin at Sinuri nina Adam Pearce at Lorelle Ebens

Disenyo sa Pabalat ni Adrian Ebens

Typeset 10.5/14 Palatino Linotype

Inilimbag sa Australia

TRANSKRIP MULA SA
PRESENTASYON NI ADRIAN EBENS
MAYO 2, 2026

ANG KARAKTER NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA

Pambungad na Pananalita (Pr. Adrian):

Nagtatrabaho ako sa mga audiobook ngayong linggo, at tinutulungan ako ni Lorelle habang inihahanda namin ang mga iskrip. Ginagawa namin itong isang audiobook na pinamagatang *1888 Muling Sinuri*, na isinulat nina Robert Wieland at Donald Short. Masasabi ko nang walang alinlangan na, matapos ang pagkamatay ni Ellen White, ang pinakamahalagang aklat sa Adventismo ay ang aklat na ito. Ito ang pinakamahalagang aklat na naisulat sa kilusang Adventista mula nang pumanaw si Ellen White, sapagkat dinadala tayo nito sa pinakapuso ng pangunahing suliraning kinakaharap natin at kung bakit napakaraming paghihirap ang nararanasan natin. Kasama nito ang aklat na isinulat ni Donald Short tungkol sa paglilinis ng santuwaryo. May mga kahanga-hangang nilalaman doon na nagbibigay sa atin ng

napakalaki at napakalaking pag-asa. Siyempre, mayroon pa siyang iba pang mga aklat na isinulat: tulad ng *Ang Pagkatok sa Pintuan*. Katatapos ko lamang ihanda ang isang iyon.

Habang pinakikinggan ko ang mga aklat na ito at binabasa ang mga ito... kagabi, nasabi ko lamang, “Ama, ikinalulungkot ko na kailangan Mong pagdaanan ang lahat ng ito.” Talagang napakasakit at tila hindi makatarungan. At kung paano ang mga nangungunang pinuno ng kilusan noong ika-19 na siglo ay nagpakita ng anyo ng pagtanggap, samantalang sa buong panahon ay buong lakas nilang nilalabanan ang mensahe, nilalabanan si Hesus, at sa espiritu ay ipinapako Siyang muli sa krus. Nakakatakot ito. Maaaring nararapat na sabihin natin nang may tunay na pagpapakumbaba, tulad ng mga alagad, “Ako ba iyon, Panginoon?” Ganoon din ang maaari nating maranasan kung sasabihin natin, “O, salamat sa Diyos at hindi ako katulad ng mga taong iyon.” Ngunit mayroon ba akong ganoong kalagayan sa aking sarili? At dito pinag-uusapan ni Wieland ang tungkol sa hindi namamalayang pagkakasala. “Sapagkat hindi mo nalalaman na ikaw ay aba, kahabag-habag, dukha, bulag, at hubad.” At sasabihin ko, “Alam ko naman na ako ay aba at kahabag-habag.” Ngunit sinasabi ng talata, Hindi, hindi mo pa nalalaman kung gaano talaga kalala ang iyong kalagayan.

Gayunman, nais kong magsalita nang kaunti ngayon tungkol sa paksa ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, sapagkat ito ang sinasabing mensahe ng 1888, at makatarungan lamang na kilalanin ito bilang ganoon. Sinasabi rin ng iglesia na tinanggap na nito ang mensaheng iyon. Susuriin natin nang kaunti ang bagay na ito. Kaya, para sa mga makakaya, tayo ay lumuhod.

Panimulang Panalangin:

Mahal naming Ama, sinasamba Ka namin. Iginagalang Ka namin. Lumalapit kami sa Iyo upang humingi ng tawad dahil napakatagal nang narating ng kilusang ito ang layunin nito. Kami na nag-aaral ng mensaheng ito ay isang nagkakalat na kawan sa buong mundo. Narito at doon, tig-iisa, dalawa, tatlo, apat; magkakahiwa-hiwalay. At marami kaming kinakaharap na mga pagsubok at mga paghihirap. Ngunit narito kami, Ama, at kami ay nananalangin. Mangyaring magsalita Ka sa amin ngayon. Ipadala Mo ang Iyong Espiritu. Bigyan

Mo kami ng pampahid sa aming mga mata upang kami ay maging handa, upang magkaroon kami ng gintong sinubok sa apoy. May mga pagsubok na kaming pinagdaanan, ngunit mayroon pang darating na mga pagsubok. Tulungan Mo kaming tiisin ang mga ito nang may pagtitiis at sa Espiritu ni Hesus.

Nagpapasalamat kami sa Iyo, Ama, sa pangalan ni Hesus. Amen.

Presentasyon:

Pinamagatan ko ito na *Ang Karakter ng Diyos sa Pamamagitan ng Pananampalataya*. Kaya, ito ay pagsasama-sama ng mahigit 25 taon ng pananaliksik. At maaari nating sabihin, tulad ng sinabi ni Pablo sa simula ng ika-8 kabanata ng Hebreo, “Sa lahat ng ating sinabi, ito ang buod” — *Ang Karakter ng Diyos sa Pamamagitan ng Pananampalataya*. Nais kong subaybayan ang ilan sa mga bahagi ng kasaysayan tungkol sa paksang ito, na iniuugnay ang karakter ng Diyos sa katuwiran, sapagkat ginagamit ko ang mga salitang karakter ng Diyos bilang kapalit ng salitang katuwiran. Makatarungan ba ang ganitong pagpapalit ng salita? Malalaman natin. At iuugnay natin ito sa puso ng Adventismo, na may kaugnayan sa paglilinis ng santuwaryo. Dapat tayong palaging bumalik sa mahalagang usaping ito tungkol sa paglilinis ng santuwaryo. Kaya, titingnan natin ang ilang mga pahayag, magmumuni-muni, at sisikaping suriin ito nang paisa-isang linya habang pinag-aaralan natin ang paksang ito.

Kaya, narito ang isang kahulugan mula kay Ellen White; at ang dalawang siping ito ay talagang bahagi ng isang presentasyon na ginawa ni Elder Colin noong 2017 tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Napakaganda ng presentasyong iyon. Malinaw ko pa rin itong naaalala, kahit siyam na taon na ang nakalipas. Lubos akong nagpapasalamat sa gawaing ginawa ni Colin tungkol dito. At narito ang sinasabi nito.

“Ano ang pag-aaring-ganap?” At pinalitan ko roon ang salitang katuwiran, sapagkat ang salitang katuwiran sa Ingles ay isinasalin sa karamihan ng ibang mga wika bilang katarungan. Ang katarungan ay katuwiran, at ito rin ay pag-aaring-ganap. Kaya, pag-aaring-ganap / katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ano ang pag-aaring-ganap[/katuwiran] sa pamamagitan ng pananampalataya? Ito ay ang gawain ng Diyos sa paglalagay ng kaluwalhatian ng tao sa alabok,

Ano ang isa pang salita para sa kaluwalhatian? Karakter. Ang paglalagay ng karakter ng tao sa alabok. Sapagkat ang karakter ng tao ay ginawa ayon sa wangis o larawan ng sino? Kay Satanas. Ito ay pakikipag-alit sa Diyos, ayon sa Roma 8:7. Kaya kailangan nating ilagay ang karakter ng tao sa alabok.

at ginagawa para sa tao ang bagay na hindi niya kayang gawin para sa kanyang sarili. (*The Review and Herald*, September 16, 1902)

At sana ay maunawaan at mapag-aralan natin nang kaunti kung ano ang kahulugan nito sa konteksto ng bagong tipan. “Ang gawin para sa tao ang bagay na hindi niya kayang gawin para sa kanyang sarili.” At isa pang pahayag.

Kapag natutuhan ng mga tao na hindi nila makakamit ang katuwiran sa pamamagitan ng kanilang sariling mga gawa o sariling karapatan, at sila ay buong tiwala at ganap na umaasa kay Hesukristo bilang kanilang tanging pag-asa, hindi na magiging labis ang pagtitiwala sa sarili at kakaunti ang kay Kristo. Ang mga kaluluwa at katawan ay nadungisan at nahawahan ng kasalanan, ang puso ay napalayo sa Diyos, ngunit marami pa rin ang nagsisikap sa pamamagitan ng kanilang limitadong lakas upang makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Iniisip nila na si Hesus ay gagawa ng bahagi ng pagliligtas; at sila ang dapat gumawa ng natitirang bahagi. Kailangan nilang makita sa pamamagitan ng pananampalataya ang katuwiran ni Kristo bilang kanilang tanging pag-asa, kapwa sa kasalukuyang buhay at sa walang hanggan. (*The Ellen G. White 1888 Materials*, p. 818.2)

Kaya, sa palagay ko ay nauunawaan natin na ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangahulugan ng lubos na pagtitiwala lamang kay Kristo. Sa palagay ko ay malinaw na sa atin na ito ang kailangang mangyari. Ngunit ano ba talaga ang kahulugan nito? Ito ang nais nating pag-aralan at tingnan.

Dapat ay pamilyar tayo sa pahayag na ito. Isa sa pinakamahalagang

mga pahayag ay matatagpuan sa aklat na *Testimonies to Ministers*, sa bandang huli ng pahina 91.

Ang Panginoon, sa Kanyang dakilang awa, ay nagpadala ng isang napakahalagang mensahe sa Kanyang bayan sa pamamagitan nina Elder Waggoner at Elder Jones.

Ano ang layunin ng mensaheng ito?

Ang mensaheng ito ay upang higit na maipakilala sa buong mundo ang itinaas na Tagapagligtas, ang sakripisyo para sa mga kasalanan ng buong sanlibutan. **Ipinakita nito ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tagapanagot;**

Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang ibig sabihin ng pagpapakita ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tagapanagot? Ano ang kahulugan nito? Ito ay tiyak.

inanyayahan nito ang mga tao na tanggapin ang katuwiran ni Kristo, na nahahayag sa pagsunod sa lahat ng mga utos ng Diyos.

Kaya, batay sa ating nalalaman, ang katuwiran ni Kristo, ang katuwiran ay katumbas ng katarungan, at ito rin ay karakter. Ang karakter ni Kristo ay nahahayag sa pagsunod sa lahat ng mga utos. At ang mga utos ay isang pagpapahayag ng Kanyang karakter. Nakikita ba ninyo ang mga ugnayang iyon? Ang pagtanggap sa karakter ni Kristo, na nahahayag sa pagsunod sa buong karakter ng Diyos. Maaari natin itong sabihin sa ganitong paraan, hindi ba?

Marami ang nawalan ng paningin kay Hesus. Kailangan nilang ituon ang kanilang mga mata sa Kanyang banal na pagkatao, sa Kanyang mga karapatan, at sa Kanyang hindi nagbabagong pag-ibig para sa sangkatauhan. Ang lahat ng kapangyarihan ay ipinagkaloob sa Kanyang mga kamay, **upang maipamahagi Niya ang masaganang mga pagpapala sa mga tao, at maibigay ang napakahalagang kaloob ng Kanyang sariling katuwiran sa taong walang kakayahang iligtas ang kanyang sarili.**

Paano Niya ito ginagawa? Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, na siyang Kanyang dugo.

Ito ang mensaheng iniutos ng Diyos na ipahayag sa buong sanlibutan. Ito ang mensahe ng ikatlong anghel, na dapat ipangaral nang may malakas na tinig at sasamahan ng masaganang pagbubuhos ng Kanyang Espiritu. (*Testimonies to Ministers and Gospel Workers*, p. 91.2)

Kaya, ang mensahe ng ikatlong anghel ay ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang pagtanggap sa Banal na Espiritu, na nagbibigay sa atin ng kakayahang magkaroon ng karakter ng Diyos.

Kahulugan ayon kay E.J. Waggoner. Ngayon, naisip ko lamang na gumawa ng isang maikling buod sa tulong ng AI. Sinabi ko, bigyan mo ako ng buod na ginawa ng AI tungkol sa kahulugan ni E.J. Waggoner ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa palagay ko ay napakaganda ng naging sagot, sapagkat napag-aralan ko na ang karamihan sa kaniyang mga isinulat, kaya nasabi ko, Oo, ang buod na ito ay angkop at tama.

Si Ellet J. Waggoner, isa sa mga pangunahing tauhan sa Pangkalahatang Kumperensya ng mga Seventh-day Adventist sa Minneapolis noong 1888, ay nagpaliwanag na ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi lamang isang legal na pagpapahayag ng pagpapawalang-sala, kundi isang buhay at tunay na karanasang nagbabago ng tao. Para kay Waggoner, **ito ang “mensahe ng pag-ibig ng Diyos” na nahahayag sa pamamagitan ng pananahan ni Kristo sa puso ng tao.** – *AI Summary*

Hindi ba't napakaganda niyan? Ipinakikita agad nito na ang kasalukuyang Adventismo ay tumanggi sa mensahe ng 1888, sapagkat sa pangkalahatan ay itinuturo ng makabagong Adventismo na ang pagpapawalang-sala ay isa lamang legal na pagpapahayag o transaksyon.

Samakatuwid, ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangahulugan na ang buhay ni Kristo ang siyang gumagabay at namamahala sa lahat ng ginagawa ng tao, lalo na sa gawain ng Diyos. Sapagkat ang totoo, kung tayo ay mga Kristiyanong, wala tayong

ginagawa na hindi nauukol sa gawain ng Diyos. Bilang mga Kristiyano, hindi nahahati sa dalawang bahagi ang ating buhay; ang buong buhay natin ay para kay Kristo. Kung sinasabi nating lubusan nating inilaan ang ating sarili sa gawain ng Diyos, hindi nararapat na maglingkod lamang tayo sa Kaniya sa isang bahagi ng ating panahon at gugulin ang natitirang panahon sa ibang layunin. Kaya nga, yamang ang buong buhay natin ay nakatalaga sa gawain ng Diyos, masasabi kong ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay walang ibang kahulugan kundi na ang lahat ng ating ginagawa ay dapat isagawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Nangangahulugan ito na ang Panginoon ang siyang kumikilos. Nangangahulugan din ito na tayo ay lubos na nagtitiwala sa Panginoon upang tayo ay magkaroon ng tunay na pagkaunawa; sapagkat, “sa pamamagitan ng pananampalataya ay nauunawaan natin.” (E.J. Waggoner *General Conference Bulletin*, March 4, 1897)

Tagapakinig: Ngunit sa halip, mahigpit nilang sinusunod at pinanghahawakan ang mga aral ni Martin Luther, diumano.

Pr. Adrian: Oo; at si Walter Veith ay matibay na naninindigan sa pananaw na ang pagpapawalang-sala ay isang legal na pagpapahayag. Gayundin si Clifford Goldstein, pati na rin ang karamihan sa mga pangunahing teologo. Naniniwala silang lahat na ito ay dapat na isang bagay na ganap na hiwalay sa atin. Sa kanilang pananaw, kung may anumang bahagi o pakikilahok tayo rito, ito ay [itinuturing na] mga gawa.

Kahulugan ayon kay Fifield; at ginamit ko ang kaniyang pahayag tungkol sa pagtubos. Ang pagtubos ay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, sapagkat kung ikaw ay nagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, taglay mo ang pagtubos. Muli, may mga karagdagang paliwanag na nagpapakita ng kaugnayang ito, ngunit sa pinakapayak at pangunahing kahulugan, ito ang ibig nitong sabihin.

Ang pagtubos [katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya] ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng malinaw na paghahayag ng Diyos ng Kaniyang pag-ibig, sa kabila ng kasalanan at pagdurusa, upang ang puso ng tao ay maantig at lumambot. Sa gayon, kapag sila ay napalaya mula sa mga

panlilinlang ni Satanas, makikita nila kung gaano nila lubos at malubhang naunawaan nang mali ang Banal na Diyos, at kung paano nila nilapastangan ang Espiritu ng Kaniyang biyaya. Dahil dito, sila ay maaakay, bilang mga kapatid na nagbabalik-loob, upang muling magbalik sa tahanan ng Ama sa ganap at mapagpalang pagkakaisa.

Kaya, ayon sa kahulugang ito ng pagtubos, ano ang tunay na suliranin? Ano ang problema natin? Mali ang ating pagkaunawa sa likas na karakter ng Diyos at nalinlang tayo. Ngunit nang ihayag ng Diyos sa atin ang Kaniyang pag-ibig, namulat ang ating isipan sa mga kasinungalingang matagal nating pinaniwalaan, at ang ating mga puso ay naantig at lumambot. Ibig sabihin, may tunay na pagbabago na nagaganap sa ating puso habang tumutugon tayo sa kapahayagan ng Diyos at ng Kaniyang pag-ibig. Napapalaya tayo mula sa panlilinlang, at lumalapit tayo sa Kaniya na may pananampalatayang Siya ay isang mapagmahal na Ama. Sa gayon, ang pagtubos ay nagiging ganap.

Ngayon, ang sinasabi ko sa inyo ay lubos na naiiba sa itinuturo ng Kristiyanismo. Hindi ito ang itinuturo ng Kristiyanismo, at tatalakayin natin iyan nang mas detalyado sa mga susunod na bahagi. Ito ay isang ganap na karanasang personal. Ano ang ibig kong sabihin sa salitang karanasang personal?

Tagapakinig: Ito ay isinasabuhay. Isinasabuhay natin ito.

Pr. Adrian: Hindi ito isang kathang-isip na legal na konsepto.

Tagapakinig: Nakikibahagi ka sa Diyos.

Pr. Adrian: Ikaw ay nakikibahagi. Ito ay isang ugnayang nagaganap sa pagitan ninyo ng Diyos. May tunay na nangyayari sa pagitan mo at ng Diyos sa ugnayang iyon. (Ito ang ipinahayag ni Fifiield noong 1897.)

Ang pagtubos ay hindi upang payapain ang poot ng Diyos upang magkaroon ng lakas ng loob ang tao na lumapit sa Kanya, kundi upang ihayag ang Kanyang pag-ibig upang kusang-loob silang lumapit sa Kanya. (George Fifiield, *God is Love*, p. 48)

Narito ang pagkakaiba. Itinuturo ng Kristiyanismo, gayundin ng

Adventismo, na ang layunin ng pagtubos ay upang mapawi ang poot ng Diyos. Gayunman, hindi ito ipinapahayag ng Adventismo sa ganoong paraan. Sa halip, sinasabi nilang ito ay upang matugunan ang hinihingi ng katarungan, o upang mabigyang-kasiyahan ang katarungan, na sa diwa ay iisa lamang ang kahulugan. Mas banayad lamang ang paraan ng kanilang pagpapahayag.

Narito ang isang depinisyon mula sa aklat na *Identity Wars*. Ito ang unang aklat na isinulat ko matapos kong mabasa ang marami sa mga sinulat nina Jones at Waggoner. Ninais kong ibuod ang aking mga nabasa sa isang paraang mas malinaw at madaling maunawaan para sa akin. Kaya ang aklat na ito ay tumatalakay sa katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, sa konteksto ng isang ugnayan. Noong panahong isinulat ko ito, hindi ko pa alam ang marami sa mga bagay na kalaunan ay nabasa ko mula kay Fifield at sa iba pang mga manunulat. Gayunman, makikita ninyo na ang mga ito ay magkakaugnay at nagkakatugma.

Nakikita ba ninyo kung paano nagkakaroon ng tunay na halaga at kabuluhan ang isang tao sa kaharian ng Diyos?

Ngayon, ito ang paraan ng pagpapaliwanag na ginagamit sa *Identity Wars*. Pinag-uusapan natin ngayon ang halaga at kabuluhan ng isang tao. Kaugnay ito ng tanong na: Paano ako magkakaroon ng halaga sa paningin ng Diyos? Sa ibang pananalita, paano ako mapapasaayos ng ugnayan sa Diyos? Paano ako maipagkakasundo sa Diyos? Ito ang paraan ng pagpapahayag na ginagamit namin sa *Identity Wars*.

Nagmumula ito sa simpleng pagkaunawa na patuloy tayong iniisip ng Diyos nang may pagmamahal. Tiyak na tayo ay laging nasa Kanyang isipan. Siya ang nagbibigay sa atin ng buhay, nagpapintig sa ating mga puso, at patuloy na ibinubuhos ang Kanyang pag-ibig sa ating buhay upang maranasan at tamasahin natin ang buhay. Ipinagkakaloob din Niya sa atin ang masaganang mga kaloob, [iyan ang sipi mula sa *Testimonies to Ministers* na “mayayamang regalo”] mga talento, at mga kakayahan para sa ating ikasisiya, ikaliligaya, at paglilingkod sa kapwa. Narito ang lihim ng kaharian ng Diyos, ang lihim ng tunay na kabuluhan. Ito ang susi na nagpapalaya sa tao mula sa

mapang-aliping kaharian ng kawalang-halaga at panlulumo. May lakas ba kayong loob na paniwalaan ito? (*Identity Wars*, p. 20)

Ang pagkakaroon ng lakas ng loob na paniwalaan ito ay nangangailangan pa ng isang karagdagang hakbang. Hindi kayang paniwalaan ito ng tao sa sarili niyang kakayahan lamang. Wala tayong sapat na kakayahan sa ating sarili upang gawin ito, at tatalakayin pa natin iyan sa mga susunod na bahagi.

Kung ang ating halaga ay nakabatay sa mapagmahal na pag-iisip ng Diyos tungkol sa atin, kung gayon sinasabi ng talatang ito [Awit 40:5] na tayo ay hindi matatawaran ang halaga. Sapagkat sinasabi rito na ang Kanyang mga plano at mga pag-iisip para sa atin ay napakarami, higit pa sa kayang ipahayag o bilangin. Ano ang pakiramdam ng maging hindi matatawaran ang halaga? **Ngunit ang lahat ng ito ay magiging totoo sa ating karanasan kung pinaniniwalaan natin ang katotohanang mahal tayo ng Diyos nang walang hangganan, gaano man tayo kabuti o kasama.** Napakagandang balita nito, at labis akong nagpapasalamat para rito. Kaya sa tuwing matutukso kang pagdudahan ang iyong halaga, tingnan mo lamang ang mga maya at maniwala! (*Identity Wars*, p. 21)

Kaya kapag nakita natin, ayon sa Salita ng Diyos, na tayo ay may hindi matatawarang halaga, ngunit sinasabi naman ng ating likas na pagkatao, “wala kang halaga,” ang tanong ay sino ang iyong paniniwalaan? Magtitiwala ka ba sa iyong damdamin at sa iniisip mo tungkol sa iyong sarili? O magtitiwala ka ba sa sinasabi ng Diyos tungkol sa iyo? Dito natin makikita na ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya ang tanging daan tungo sa kaligtasan. Hindi ito maaaring makamit sa pamamagitan ng mga gawa, sapagkat ang ating mga gawa ay walang kakayahang magligtas, higit pa roon, maaari pa nga itong maging mapanganib at magdala ng kapahamakan kapag pinagtiwalaan natin ang mga ito. At kapag tapat nating tiningnan ang ating sarili, wala tayong ibang paraan upang maituring na matuwid sa harap ng Diyos kundi sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Sinasabi Niya, “Mahal kita.” Sinasabi Niya, “Pinatatawad kita.” Sinasabi Niya, “Ibibigay Ko sa iyo ang Aking Espiritu.” At tinatanggap natin iyon.

Muli, hindi ito kasing simple ng basta na lamang tanggapin ito. Kinailangang gumawa si Kristo ng isang bagay para sa atin. Kinailangan Niyang maglagay ng pagkapoot sa kasalanan sa ating mga puso, at gibain ang pader na naghihiwalay at alisin ang alitan upang mabigyan tayo ng kakayahang tumugon. Iyon ang inilalarawan ng pagpapagaling sa tuyot na kamay, upang magkaroon tayo ng kakayahang umabot at humawak. Hindi natin ito magagawa kung wala ang Kanyang ginawa. Kaya ito ang depinisiyong ginagamit sa *Identity Wars*.

Narito ang isang sipi tungkol sa katuwiran, katarungan, at karakter.

Iniharap niya [ni Pablo] kina Felix at Drusila ang likas na **karakter ng Diyos**—

Gitling. Ano ang ibig sabihin ng gitling na ito? Paliwanag.

.... **ang likas na karakter ng Diyos**—ang Kanyang katuwiran, katarungan, at pagiging makatarungan, gayundin ang kalikasan ng Kanyang kautusan. (*Acts of the Apostles*, p. 423)

Katuwiran = Paggawa ng tama = Katarungan = Kung ano ang tama.

Kaya ang likas na karakter ng Diyos ay maaaring ilarawan bilang Kanyang katuwiran. Kaya masasabi natin katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, likas na karakter ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, katuwiran o katarungan sa pamamagitan ng pananampalataya, pagiging makatarungan sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang kalikasan ng Kanyang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang lahat ng mga bagay na ito ay maaaring ipalit sa kahulugan ng salitang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. At wala sa mga ito ang kaya nating gawin sa sarili nating kakayahan. Hindi natin kaya.

At kung ang pag-aaring-ganap ay isang legal na transaksyon, kung gayon ano pa ang kailangang gawin? Ano pa ang kailangang gawin? Wala nang dapat gawin. At ang bagay na dapat nating maunawaan, na tatalakayin natin, ay kung ang Diyos ang siyang nagagalit sa atin dahil sa ating mga kasalanan, at binayaran ni Hesus ang kinakailangang kabayaran, at pagkatapos ay nagbago ang Diyos upang hindi na Niya tayo kamuhian o hindi na Niya nais na tayo ay

parusahan, ano pa ang kailangang gawin?

Tagapakinig: At bakit ito nagtatagal nang ganito?

Tagapakinig: Lubusan nitong nilalampasan ang ating kawalang-katuwiran. Hinahayaan nitong hindi mapanagot ang ating kawalang-katuwiran, sapagkat kailangan muna nating maunawaan kung ano talaga tayo upang maisuko at iwanan natin iyon.

Pr. Adrian: Buweno, sasabihin ng karamihan ng mga tao, oo, tayo ay kaawa-awa, miserable, masama, at kakila-kilabot. Iyan ang sasabihin ng karamihan. Ngunit sa pagtangga na kaya nating mapagtagumpayan ang mga bagay na iyon, sa katunayan ay itinatangga natin ang tunay na kasamaan na umiiral sa puso. Ang puso ay lubhang masama. Kaya ang kaisipan tungkol sa pagdaig sa kasalanan ay hindi na talaga naipangaral sa kilusang Adventista sa loob ng 40 taon, mula noong 1980.

Tagapakinig: Ang nakakatakot na bahagi nito ay na, sa huli, kapag tayo ay binago na, tila nilalampasan ng Diyos ang ating malayang pagpapasya at ginagawa tayong isang bagay na hindi naman natin pinili.

Pr. Adrian: Oo, madalas nating sinasabi na ang isang tao ay may ‘maluwag na turnilyo’ o may kapintasan sa pag-iisip o pagkatao. Ngunit Siya ang nag-aayos ng turnilyo.

Tagapakinig: At kung aayusin Niya iyon, kung gayon wala na talaga tayong sariling kalooban.

Pr. Adrian: At kung kaya lamang Niyang ayusin ang turnilyo at gawin tayong ganoon, kung gayon bakit hindi Niya iyon ginawa sa simula pa lamang? Bakit kinailangang lumipas ang 5,000 o 6,000 taon ng kasalanan? Kung kaya Niya itong ayusin noong una pa, ayusin lamang ang turnilyo: “Adan, halika rito, kaibigan. Aayusin Ko ang iyong leeg.” “Ahh, ayos na ako.”

Ano ang pahayag? Walang pamimilit. Walang paggamit ng puwersa.

Sa gawain ng pagtubos, walang pamimilit. Walang panlabas na puwersang ginagamit. Sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu ng Diyos, ang tao ay binibigyan ng kalayaan na pumili kung sino ang

kanyang paglilingkuran. Sa pagbabagong nagaganap kapag ang kaluluwa ay sumusuko kay Kristo, nararanasan ang pinakamataas na anyo ng kalayaan. **Ang pag-aalis ng kasalanan ay isang gawain ng mismong kaluluwa.** Totoo, wala tayong kapangyarihan upang palayain ang ating sarili mula sa kapangyarihan ni Satanas; ngunit kapag ninanais nating mapalaya mula sa kasalanan at sa ating matinding pangangailangan ay dumaraing tayo para sa kapangyarihang nagmumula sa labas at higit na dakila kaysa sa ating sarili, ang mga kakayahan ng kaluluwa ay pinupuspos ng banal na kapangyarihan ng Espiritu Santo, at sinusunod ng mga ito ang kalooban upang maisakatuparan ang kalooban ng Diyos. (*The Desire of Ages*, p. 466.4)

Kailangan mong magpasya. Mayroon ding sipi mula sa *Steps to Christ*:

Ang lahat ay nakasalalay sa tamang pagkilos ng kalooban. Ang kapangyarihan ng pagpili ay ibinigay ng Diyos sa tao; nasa tao ang pananagutang gamitin ito. Hindi mo kayang baguhin ang iyong puso, at hindi mo kayang ibigay sa Diyos ang iyong mga pag-ibig at damdamin sa sarili mong kakayahan; ngunit maaari mong piliing paglilingkuran Siya. Maaari mong ipagkaloob sa Kanya ang iyong kalooban; at pagkatapos ay kikilos Siya sa iyo upang naisin at gawin ang ayon sa Kanyang mabuting kalooban. Sa gayon, ang iyong buong pagkatao ay mapapasailalim sa pamamahala ng Espiritu ni Kristo; ang iyong mga damdamin ay itutuon sa Kanya, at ang iyong mga kaisipan ay magiging kaayon ng Kanya.

...Sa pamamagitan ng wastong paggamit ng kalooban, maaaring magkaroon ng ganap na pagbabago sa iyong buhay. Sa pagsuko ng iyong kalooban kay Kristo, iniuugnay mo ang iyong sarili sa kapangyarihang higit sa lahat ng pamunuan at mga kapangyarihan. Tatanggap ka ng lakas mula sa itaas upang manatili kang matatag, at sa patuloy na pagsuko sa Diyos ay mabibigyan ka ng kakayahang mamuhay sa bagong buhay, ang buhay na may pananampalataya. (*Steps to Christ*, p.47-48)

Ang wastong pagkilos ng kalooban upang tanggapin at panghawakan

ang katuwiran ni Kristo at ang Kanyang Espiritu. At paano natin ito gagawin? Mapanghahawakan lamang natin ito kapag nararamdaman natin ang matinding pangangailangan nito, kapag ayaw na nating magpatuloy sa kasalanan, at kapag lubos nating nakikita ang kakila-kilabot na kalagayan ng ating pagiging makasalanan. Maaari nating sabihin, Oo, ito ay masama, at pinatatawad ako ng Diyos. Ngunit kung wala tayong gagawin tungkol dito, nananatili pa rin tayong laban sa Diyos. Kung hindi tayo kikilos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Ang Kanyang Espiritu ay nananawagan sa atin, “Halika, halika, halika, halika, at makipag-usap ka sa Akin.” Ngunit ang sagot natin ay, “Abala ako. Marami akong kailangang gawin. Hindi ko kaya. Hindi ko kaya. Hindi ko kaya.” Iyan ay pagiging salungat sa Diyos, kahit na gumagawa ka pa ng gawain para sa Diyos. Ito ay isang bagay na lubos kong nauunawaan.

Kaya, narito ang isa pang pahayag.

Matapos tanggapin ang pananampalataya ng ebanghelyo, ang susunod na gawain ng mananampalataya ay idagdag sa kanyang pagkatao ang kabutihan, at sa gayon ay linisin ang puso at **ihanda ang isipan upang tanggapin ang kaalaman tungkol sa Diyos.** [Ano ang kaalaman tungkol sa Diyos? Ito ay ang Kanyang likas na karakter.] Ang kaalamang ito ang pundasyon ng lahat ng tunay na edukasyon at ng lahat ng tunay na paglilingkod.

Kaya, kung wala kang tamang pagkaunawa sa Kanyang likas na karakter, hindi ka magkakaroon ng tunay na edukasyon o makapagbibigay ng anumang makabuluhang paglilingkod.

Ito lamang ang tunay na pananggalang laban sa tukso; at ito lamang ang makapagbibigay sa isang tao ng pagkakatulad sa Diyos sa kanyang karakter. Sa pamamagitan ng kaalaman [tungkol sa likas na karakter] ng Diyos at ng Kanyang Anak na si Hesukristo, ipinagkakaloob sa mananampalataya ang “lahat ng mga bagay na nauukol sa buhay at kabanalan.” Walang mabuting kaloob ang ipagkakait sa **sinumang taos-pusong nagnanais na matamo ang katuwiran ng Diyos.** (*Acts of the Apostles*, p. 530.3)

Kaya, nakikita natin na ang katuwiran ng Diyos ay ang pagiging katulad ng Diyos sa karakter. May pagkakapareho na nagaganap dito.

Kaya iniuugnay ko lamang ang likas na karakter ng Diyos at ang katuwiran ng Diyos. Iisa lamang ang mga ito.

Isa pang pahayag:

... iniiiaayon ang iyong buhay sa mga nagliligtas na simulain ng kautusan ng Diyos. Kapag ginawa mo ito, mapapasaiyo ang katuwiran ni Kristo

Parang ito ay lubhang katulad ng lumang tipan, hindi ba? Ngunit muli, mayroong mga detalyeng kailangang maunawaan.

na siyang lumalaganap sa kautusang iyon, sapagkat iniibig mo ang Diyos at kinikilala mo ang Kanyang kautusan bilang salin o pagpapahayag ng Kanyang likas na karakter..... (*The Great Controversy*, p. 69.2)

Kaya, dito ay nakikita natin ang katuwiran ni Kristo at ang pagpapahayag ng Kanyang likas na karakter. Pagkakapareho; ipinapakita lamang dito ang mga pahayag na nagpapakita ng pagkakatatumbas ng mga ito.

Sabay-sabay nating gawin ang ilang hakbang.

- Katuwiran = Katarungan = Pagkatao.
- Katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya = Karakter sa pamamagitan ng pananampalataya.
- Ang tamang pagkaunawa sa likas na pagkatao ng Diyos ang simula ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya.
- Ang buhay ni Kristo sa lupa ay ang pagpapahayag ng likas na karakter ng Diyos/katuwiran ng Diyos.
- Ang katuwiran ni Kristo ay ang ipinahayag na likas na karakter ng Diyos.

Kapag pinag-uusapan natin ang katuwiran ni Kristo, ito ay ang pagpapahayag ng likas na karakter ng Diyos. Iyan ang tinutukoy natin. Hindi ko alam kung dati mo nang nakita nang malinaw sa iyong isipan ang ganitong pagkakaugnay, ngunit pinagsasama-sama ko lamang ang mga bagay na ito upang maipakita ang kanilang

ugnayan.

Paano natin matatamo ang ganitong pagkatao? (Ngayon, narito ang ilan sa mahahalagang detalye na kailangang maunawaan.)

1. Ang likas na pagkatao ng tao ay salungat sa Diyos at nakikipagdigma laban sa Kanyang likas na karakter. (Roma 8:7)

Ang likas na pagkatao ng tao ay poot laban sa Diyos, hindi lamang nasa kalagayan ng pagiging magkaaway. Ano ang pagkakaiba ng ang poot mismo at nasa kalagayan ng poot? Nauunawaan mo ba ang pagkakaiba? Kung may dalawang tao at sila ay magkaaway, ang salitang magkaaway ay nasa pagitan nila. At kung alisin mo ang hadlang na iyon, maaari silang magkasundo. Ngunit kung ikaw mismo ang poot, **ikaw ang** mismong dahilan ng pagkakaaway. Ikaw ang pinagmumulan nito. Tayo ay likas na may poot laban sa Diyos; ito ay bahagi ng ating likas na kalagayan. Walang anumang sinasabi ang Diyos sa atin habang tayo ay nasa likas nating kalagayan na ating tatanggapin. Walang anumang sinasabi ang Diyos sa ating makasalanang kalikasan na handa nating tanggapin. Wala ni isang salita na nagmumula sa Kanyang bibig ang ating tatanggapin o pahihintulutan. Ang tanging ninanais ng ating makalamang kalikasan ay mawala Siya at lumayo Siya. Hindi tayo nilikha na ganito; nilinlang tayo ni Satanas at tinanggap natin ang panlilinlang na iyon.

Tayong lahat ay ganito ayon sa ating likas na kalagayan. Ang ating likas na pagkatao ay laban sa Diyos. At ito mismo ay isang bagay na lubhang humahamon sa atin. “Ngunit hindi naman ako pumapatay. Hindi ako nagnanakaw. Hindi ako...” Ang pagtanggap nito ang mahalagang bahagi; ang pagbitaw sa pagmamataas. Sapagkat ang totoo, kinamumuhian mo ang Diyos at pinatay mo ang Kanyang Anak. “Hindi, ang gumawa noon ay ang mga Judio at ang mga Romano!” Kaya, ang likas na pagkatao ng tao ay poot laban sa Diyos at nakikipagdigma laban sa Kanyang likas na karakter. Ibig sabihin, ang ating likas na pagkatao ay salungat sa Kanyang likas na karakter. Ipinapakita ito ng Roma kabanata 7. Samakatuwid,

1. Upang dalhin ang tao sa pananampalataya, lumapit si Kristo sa atin sa pamamagitan ng pagkuha ng ating likas na

pagkatao.

Ito ay isang pangunahing bahagi ng mensahe ng 1888, na kinakailangang abutin Niya tayo kung nasaan tayo. Upang maitanim ang pananampalataya sa puso ng tao, kinailangan Niyang tanggapin ang ating likas na pagkatao, puksain ang poot laban sa Diyos, itanim ang Kanyang bandila, at sa gayon ay bigyan tayo ng pagkakataong magkaroon ng pananampalataya. Ang lahat ng ito ay bahagi ng pagpapagaling sa tuyong kamay upang ito ay muling makapag-unat at makaabot. Muli Niyang binigyan ng kakayahan ang kamay na umabot, sapagkat hindi ito magagawa ng kamay sa sarili nitong kapangyarihan.

Tagapakinig: Ginawa Niya iyon sa Halamanan ng Eden.

Pr. Adrian: Tama. “Maglalagay Ako ng pagkapoot sa pagitan mo at ng babae, at sa pagitan ng iyong binhi at ng kanyang binhi.” Kaya ginawa Niya iyon sapagkat Siya ay pinatay na mula pa sa pagkakatatag ng sanlibutan. At ito ang nagdadala sa atin sa susunod na bagay na ito.

2. Ito ang batayan ng Kanyang krus ng pagtanggì sa sarili. Isang hapag ang inihahanda sa harapan ng Kanyang mga kaaway.

Nakapunta ka na ba sa isang hapunan kasama ang isang taong lubos na napopoot sa iyo? Naupo ka na ba sa isang hapag kasama ang isang taong matinding humahamak sa iyo? Masarap ba ang naging pagkain? Madali mo ba itong natunaw? Hindi. May krus na kailangang pasanin, hindi ba? At nakaupo ka roon sa hapag habang may maliliit na pananalita o kilos na parang mga tusok na ibinabato sa iyo. Sinisikap mong huwag tumugon o magalit. Hanggang sa may mag-abot sa iyo ng paminta at nilagyan mo ng paminta ang iyong pagkain, naaapektuhan nito ang iyong sistema ng nerbiyos at pagkatapos ay (bigla!) gumanti ka. (Maaari mong basahin ang sinasabi ng Espiritu ng Hula tungkol sa mga pampalasa at rekado.)

Ang isang hapag ay inihahanda sa harapan ng Kanyang mga kaaway. Ito ang sinasabi ni Kristo, Isang hapag ang inihahanda sa harapan Ko sa gitna ng Aking mga kaaway. Sa pagpasok ni Kristo sa puso ng tao, kailangan Niyang pumasok sa isang tahanan na laban sa Kanya. Kailangan Niyang magtiis. Kailangan Niyang pumasok sa isang

nasusunog na gusali at tiisin ang apoy ng galit at poot (na makikita natin sa mga susunod na bahagi). Iyan ang krus na kailangan Niyang pasanin, sapagkat sinisikap Niyang itanim ang Kanyang bandila sa puso ng tao upang bigyan tayo ng pagkakataong umabot sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, pumapasok Siya sa atin, sa ating mga isipan. Ang lahat ng ito ay bahagi ng mensahe ng 1888. At ito ay lubos na itinatangi, sapagkat ang pagkaunawa ng Kristiyanismo tungkol sa pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagpaparusa sa kapalit ay lubhang naiiba sa tunay na pagbabayad-sala na ipinapakita ng Bibliya. Ibang-iba ang mekanismong nagaganap dito.

1. Ipinakita ni Kristo ang Kanyang Ama bilang pag-ibig, awa, pagtitiis, biyaya, kabutihan, at katarungan.

Iyan ang Kanyang paghatol tungkol sa Kanyang Ama. Sapagkat sa simula pa lamang, si Satanas ay gumagawa ng mga paratang laban kay Kristo, ngunit gayundin laban sa Kanyang Ama at sa pamamahala ng Ama. May pahayag din sa Espiritu ng Propesiya na nagpapakita na sinisikap ni Satanas na makuha si Kristo sa kanyang panig, ngunit tumanggi si Kristo. Kinailangan nito na gumawa si Kristo ng isang pagpapasya tungkol sa likas na karakter ng Kanyang Ama. At ang Kanyang paghatol tungkol sa likas na karakter ng Kanyang Ama ang naging kaligtasan ng lahat. Sapagkat kung hindi Niya ginawa ang pagpapasyang iyon, ang lahat ay mawawala, pati ang Kanyang sarili. Kaya, hinatulan ni Kristo ang bagay na ito. Ito ang pananampalataya ni Hesus.

Ang pananampalataya ni Hesus ay ito: Ang pagkatao ng Aking Ama ay pag-ibig. Ito ay agape, ito ay mapagbigay, ito ay puno ng biyaya, ito ay maawain, ito ay matiisin, at ito ay may katarungan. Iyan ang Kanyang paghatol at iyan ang Kanyang pananampalataya.

2. Ang paghatol na ito ang nagbibigay sa Kanya ng kakayahang magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at tanggapin ang Kanyang Salita.

Kaya, nang magawa na Niya ang paghatol na ito, nagkaroon si Kristo ng pagtitiwala sa Kanyang Ama sapagkat alam Niyang ang Kanyang Ama ay pag-ibig at awa. Hindi Siya pinilit na magtiwala sa Kanyang

Ama sa ilalim ng banta ng isang bayoneta o baril. Ginawa Niya ito nang malaya, ayon sa Kanyang sariling kalooban.

Tagapakinig: Napakahalaga na maunawaan natin na ginawa Niya ang lahat ng iyon sa Kanyang likas na pagkatao bilang tao; hindi Siya umasa sa paunang kaalaman tungkol sa buong panahon ng Kanyang pakikipag-ugnayan sa Ama. Hindi iyon ang ginamit Niyang sandigan upang malampasan ang lahat. Umasa lamang Siya sa Kanyang karanasan bilang isang tao. Kaya, ginawa Niya ito nang dalawang beses

Pr. Adrian: Ginawa Niya iyon sa langit, at pagkatapos ay bumaba Siya rito at inulit Niya iyon.

Tagapakinig: Kinailangan itong mangyari sa ating laman.

Pr. Adrian: Kung hindi, hindi mo naitatayo ang paninindigan na iyon.

Kaya, ang nagliligtas sa atin ay hindi ang ating sariling pananampalataya. Ito ay ang pananampalataya ni Hesus. “Gayunman, tayo ay sumampalataya kay Hesu-Kristo, upang tayo ay ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu-Kristo” (Galacia 2:16, KJV). Kaya, ang pananampalataya ni Hesus ang nagpapagaling sa tuyong kamay at nagbibigay dito ng kakayahang iunat at umabot upang makahawak. At upang mangyari iyon, kinailangang itanim ni Kristo ang bandila ng pananampalataya sa puso ng tao upang ito ay magkaroon ng kakayahang tumugon. Kung hindi iyon ginawa, hindi tayo kailanman makatutugon; tayo ay mawawala at tuluyang mapapahamak. Kaya, ang lahat ay nakasalalay sa pananampalataya ni Hesus.

1. Sinasabi ng Salita ng Ama “Ikaw ang minamahal Kong Anak na lubos Kong kinalulugdan.”

Kaya, kapag sinabi sa atin ng Ama ang mga salitang iyon habang tayo ay nasa ating likas na kalagayan bilang tao, sinasabi natin, “Hindi ako naniniwala sa Iyo. Hindi ako karapat-dapat, o kinamumuhian kita.” Alinman sa dalawang iyon, pareho lamang ang kahulugan. Ngunit kapag pumasok si Kristo sa puso, kapag nakilala natin sa pamamagitan ng Krus ang pag-ibig ng Diyos para sa atin at tinatanggap natin si Kristo sa ating buhay, itinatanim ni Kristo ang

bandila ng pananampalataya sa atin upang matanggap natin ang mga salitang, “Ikaw ang minamahal Kong anak.” Isinusugo ng Diyos ang Espiritu ng Kanyang Anak sa ating mga puso na sumisigaw, “Abba, Ama.” At ang “Abba, Ama” ay tugon lamang sa mga salitang, “Ikaw ang minamahal Kong anak na lubos Kong kinalulugdan.” Nauunawaan ba ninyo? Napakahalaga nito.

Ito ang batayan ng pagbabayad-sala. At dito natin makikita ang “paglalagay sa alabok ng kaluwalhatian ng tao.” Paano inilalagay sa alabok ang kaluwalhatian ng tao? Ito ang dahilan kung bakit nawawala ang kaluwalhatian ng tao. Kapag sinabi ng Diyos, “Ikaw ang minamahal Kong anak,” ano ang kailangan mong gawin upang matanggap ito? Ito ay isang katotohanan, hindi dahil sa anumang nagawa mo, kundi dahil lamang sa kung ano ang ginawa ng Diyos. Iyan ang batayan ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, na tayo ay Kanyang mga anak sapagkat nilikha Niya tayo sa Kanyang agape na pag-ibig. At inilalagay nito sa alabok ang kaluwalhatian ng tao, ang paniniwalang nagsasabing, “Hindi ka tiyak na mamamatay, nasa iyo ang buhay sa iyong sarili,” na siyang nagbubunga ng lahat ng iba pang mga suliranin. Inaalis nito ang lahat ng iyon.

Kaya, sa bautismo, tinanggap ni Hesus ang salita ng Kanyang Ama, “Ikaw ang minamahal Kong Anak,” at pagkatapos ay tinukso Siya ni Satanas tungkol sa bagay na iyon. Kaya, makikita natin sa bautismo ni Hesus ang pagpapakita ng pag-aaring-ganap ng sangkatauhan. Ito ay ganoon na mula pa sa simula, nang si Kristo ay itinuring na pinatay na mula pa sa pagkakatatag ng sanlibutan. Ngunit ito ay ipinahayag at nakita nang malinaw sa bautismo. Nauunawaan ba ninyo?

Itinuturo ng Kristiyanismo na ang pag-aaring-ganap ay natamo sa Krus sa pamamagitan ng pisikal na pagbubuhos ng dugo ni Kristo at ng pagbubuhos ng Diyos ng Kanyang poot sa Kanya sa Krus. Ang lahat ng Kanyang galit laban sa kasalanan at lahat ng Kanyang matagal nang kinimkim na pagkadismaya ay ibinuho doon. Sinasabi ng ilan na hindi naman nagagalit ang Diyos, ngunit sinasabi ko sa inyo, ang mga taong pumapatay nang walang anumang reaksiyon o bakas ng damdamin sa kanilang mukha ang siyang pinakamasama at pinakasatanikong mga tao sa mundo. Ang taong walang anumang

damdamin kapag pumapatay, sumisira, at nagbububo ng dugo ang siyang pinakadelikado sa lahat. Sinasabi ng iba, “Hindi naman labis na nagagalit ang Diyos. Hindi ginagawa ng Diyos ang mga bagay na iyan.” Kung gayon, ang ganoong uri ng Diyos ay lalo pang nakatatakit; walang pagsisi, walang damdamin, at walang malasakit. Ang ganap na pagpatay sa malasakit. ‘Bohemian Grove,’ at iba pa. Ano nga ba ang tawag sa salitang iyon? Wala Siyang damdamin. Kawalan ng kakayahang makadama ng damdamin.

1. Tinatanggap ni Kristo ang Salitang ito sa pamamagitan ng pananampalataya at namumuhay ayon dito. Ito ang pananampalataya ni Hesus.

Kaya, nang tanggapin ni Hesus ang mga salitang, “Ikaw ang Aking minamahal na Anak,” inaring-ganap Niya ang buong sangkatauhan sa pagtanggap nito; sapagkat tinanggap Niya ito sa ating likas na pagkatao bilang tao. Ito ay isang bagay na hindi natin kayang gawin sa ating sarili dahil tayo ay nasa kalagayan ng pagiging kaaway ng Diyos. Ngunit nang tanggapin Niya ito, winakasan Niya ang alitan na namamagitan sa atin at sa Diyos, sa pamamagitan ng ating likas na pagkatao bilang tao. Tinamo Niya para sa atin ang pagpapala ng Ama, at tayo ay inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya ni Hesus.

Nauunawaan mo ba ang sinasabi ko? Napakahalaga na maunawaan ito. Ito ay lubos na naiiba sa itinuturo ng mga iglesyang Kristiyano at sa kasalukuyang katuruan ng Adventismo. Ito ay ganap na naiiba pagdating sa pag-unawa. Ngunit ang pananaw na ito ay nakabatay sa pag-unawa noong 1888.

2. Sa Kanyang bautismo, tinanggap ni Kristo ang pagpapala ng Ama para sa ating kapakanan [Pag-aaring-ganap].
3. Nang taglayin Niya ang ating likas na pagkatao bilang tao, winakasan Niya ang alitan upang matanggap ang pagpapalang ito.
4. Ang pananampalataya ni Hesus ay ibinigay sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu/dugo, upang tayo ay magkaroon ng pananampalataya na tayo ay mga minamahal

Kaya, kapag ang dugong iyon ay dumating sa atin, tinatanggap natin ang mensaheng, “Ikaw ang Aking minamahal na anak.” Tinatanggap natin ito, at ang ating mga puso ay napupuno ng kagalakan. Ito ang paglilinis sa pamamagitan ng dugo ni Hesus. Nililinis tayo ng dugo ni Hesus mula sa ating maling paniniwala na iniisip ng Diyos na tayo ay walang halaga at hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan. Ang lahat ng ito ay nahuhugasan at inaalis ng Espiritu ni Hesus na pumapasok sa ating mga puso. Ang Espiritu ang nagpapatotoo kasama ng ating mga espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos (Roma 8:16). Iyan ang paglilinis na dulot ng dugo.

Naniniwala tayo na tayo ay mga anak ng Diyos. Naniniwala tayo na tayo ay pinatawad na. At ang katibayan na tunay nating pinaniniwalaan na tayo ay pinatawad ay kapag ang Espiritu ay pumasok sa atin, tumitigil tayo sa paggawa ng mga bagay na dati nating ginagawa. Iyan ang pananampalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig. Ito ang pananampalataya ni Hesus na gumagawa sa atin sa pamamagitan ng pag-ibig, sa pamamagitan ng agape.

5. Ang pagtanggap sa ating tunay na pagkakakilanlan ay nagagawa lamang sa pamamagitan ng Espiritu/dugo ni Kristo.

“Si Kristo ang pinagmumulan ng bawat wastong pagnanais at mabuting hangarin.” (*Steps to Christ*, pahina 26) Siya ang humihimok sa atin na tanggapin ang ating pagiging mga anak ng Diyos, hindi dahil sa anumang bagay na ating ginagawa, kundi sa pamamagitan lamang ng pananampalataya.

6. Kapag tinanggap natin ang Espiritung ito, nagaganap ang pagbabayad-sala. Tayo ay naipagkasundo sa Diyos.
7. Sa kagalakan ng ating tunay na pagiging mga anak ng Diyos, tayo ay araw-araw na tumatanggap at umiinom mula sa Espiritu, at tinatanggap ang karakter/katuwiran ni Kristo. Pagpapabanal.

Nararamdaman natin ang ating malaking pangangailangan. Nararamdaman natin na kung haharapin natin ang isang araw nang

hindi natin nailalaan ang oras na iyon sa Diyos... Nitong linggong ito, habang iniisip ko ang mga bagay na ito at dumating ang oras ng paghahandog sa gabi; lumuhod lamang ako at nanalangin. At madalas ko itong nararanasan; nararamdaman ko na para bang may kamay na nakapatong sa aking ulo, napakalumanay at banayad. At nararamdaman ko ang pag-aliw ng aking Ama. [Nanalangin ako]: “Ama, ikinalulungkot ko ang lahat ng nagawa laban sa Iyo. Nais kong mabuhay, ngunit hindi ko kayang gawin ang ginagawa Mo maliban kung ipagkaloob Mo sa akin ang Iyong Espiritu.” Iyan ang dahilan kung bakit tayo umaakyat sa templo upang manalangin sa ikasiyam na oras, o sa anumang pagkakataong maaari natin itong gawin, tayo ay humihinto. Nararamdaman natin ang ating pangangailangan. At sa halip na patuloy na matisod at mahulog nang paulit-ulit, tayo ay nananalangin nang nananalangin. Ito ang bagay na lalong ipinauunawa sa akin nang higit at higit; patuloy tayong bumabalik dito. Sapagkat habang nakikita natin ang ating mga karakter, habang nakikita natin ang ating mga kahinaan, naiisip natin, “Ngayon na alam na natin ang mga bagay na ating nalalaman, ngayong bahagi na tayo ng *Father of love* movement; ngayong nauunawaan na natin ang lahat ng ito, O Diyos, nagpapasalamat ako sa Iyo dahil hindi ako katulad ng ibang tao na naniniwala sa mga maling katuruan at walang kabuluhang mga bagay.”

Tagapakinig: Patuloy pa rin tayong nagkukulang.

Pr. Adrian: Ang problema ay, bakit patuloy pa rin tayong nahuhulog? Sapagkat hindi ba dapat ay tumigil na tayo sa pagkahulog? Dapat nga, hindi ba? Kaya mayroon pa ring isang problema sa atin, hindi ba? Ano ang problemang iyon?

Tagapakinig: Ang sinasabi ni Pablo sa Roma 7, ang mga bagay na nais kong gawin ay hindi ko ginagawa. “O kahabag-habag na tao ako.” Dito pumapasok ang ganap na pagsuko; kailangan talaga nating isuko ang lahat ng bagay.

Pr. Adrian: At ang tanging bagay na nagbibigay sa atin ng kakayahang isuko ang lahat ng bagay ay kapag ang pag-iisip tungkol sa sakit na dinaranas ng Diyos ay nagiging napakalalim at nangingibabaw sa ating buhay, kaya hindi na natin nais na saktan Siya kailanman. Hindi na natin nais na tumugon nang may negatibong

saloobin kailanman.

Tagapakinig: Sa totoo lang, tayo mismo ang unti-unting nananakit sa ating mga sarili.

Pr. Adrian: Ngunit ano ang nag-uudyok sa atin? Ang ibig kong sabihin, kung ang iniisip natin ay wala tayong halaga - maaaring wala na tayong pakialam at tanggapin na lamang ang pananakit sa ating mga sarili. Ngunit kapag naunawaan nating nasasaktan natin ang ating Ama sa langit, nagkakaroon tayo ng dahilan upang magbago. Sinasabi natin, ayaw na Kitang saktan. Iyan ang aking iniisip. Bagama't totoo na tayo rin ang nasasaktan sa tuwing ginagawa natin iyon.

Tagapakinig: May isa pang aspeto rito—sinasaktan mo ang iyong sarili upang saktan sila.

Pr. Adrian: Oo, isa rin iyon.

8. Kinikilala natin ang Diyos bilang matuwid sa kaparehong paraan ng pagkilala ni Kristo. At sa pamamagitan ng patuloy na pagmamasid sa Kanya, tayo ay nababago. Tayo ay matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, ang pananampalataya ni Kristo.

Iyan ang magiging pahayag ng mga matuwid sa Pahayag 15:3: “Matuwid at totoo ang Iyong mga daan, O Hari ng mga banal.” Iyan ang magiging pasiya ng 144,000. Darating sila sa ganitong pagkilala. Tayo ay matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, ang pananampalataya ni Kristo, na nahahayag sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga utos ng Diyos.

Ito ang sunod-sunod na proseso, at isinagawa ko ito nang hakbang-hakbang.

Ngayon, ihambing naman natin ito sa lumang sisidlan ng alak upang mas malinaw ninyong makita ang pagkakaiba.

1. Nilabag ng tao ang kautusan ng Diyos.
2. Ang katarungan at banal na karakter ng Diyos ay humihiling ng kamatayan ng makasalan.

3. Inihandog ni Kristo ang Kanyang sarili bilang ganap na handog, ibinuhos ang Kanyang dugo, at tinugunan ang mga hinihingi ng kautusan.
4. Ang tao ay may pananampalataya na binayaran na ni Hesus ang pagkakautang niya sa Diyos. Pag-aaring-matuwid.
5. Ang tao ay nananalangin sa Diyos upang mamuhay tulad ni Hesus at hinihiling ang Espiritu ng Diyos upang mapagtagumpayan ang kasalanan.
6. Ngunit ang pinakamalaking kasalanan ng tao ay ang paniniwalang kailangan ng Diyos ang paghahandog ng alay bilang kabayaran sa kasalanan.
7. Samakatuwid, hindi kailanman kayang mapagtagumpayan ng tao ang kasalanan.
8. Ito ang nagiging dahilan kung bakit sinasabi ng maraming simbahan na hindi mo kayang mapagtagumpayan ang kasalanan. Sa loob ng ganitong “ebanghelyo,” tama ang kanilang pahayag.

Kung ito ang ebanghelyo na iyong pinaniniwalaan na hinihingi ng Diyos ang kamatayan, binayaran ni Hesus ang kamatayang iyon, ibinuhos Niya ang Kanyang pisikal na dugo, at nasiyahan ang Diyos dahil ditto, kung iyan ang ebanghelyong iyong pinaniniwalaan, hindi mo kailanman mapagtagumpayan ang kasalanan. Tinatawag ng aklat na *Great Controversy* ang ganitong paniniwala na isang mapanganib at nakamamatay na panlilinlang ni Satanas, sapagkat sinasabi nitong hindi mo kayang magtagumpay laban sa kasalanan. Ito ay isang mapanganib at nakamamatay na panlilinlang.

Ngunit nakikita mo ba ang pagkakaiba? Nakikita mo ba ang pagkakaiba sa dalawang ebanghelyo? Sapagkat ang pananaw na ang kaparusahan ay ipinataw kay Hesus bilang kahalili ng tao ay ibang ebanghelyo. Ito ay ibang pagkaunawa. Hindi ito nakabatay sa ugnayan. Ito ay nakabatay lamang sa batas. Wala kang kailangang gawin kundi ang maniwala. Ngunit sa ganitong sistema, ang tao ay kailangang magkaroon ng pananampalataya. Kailangan niyang

maniwala. Ngunit ito ay pagtanggap sa tunay na kalagayan ng likas na pagkatao ng tao. Ito ay maling palagay na ang tao, sa sarili niyang kakayahan, ay maaaring maniwala at magtiwala kay Hesus.

Tagapakinig: Ito rin ay pagtitiwala sa isang uri ng pagpapalubag-loob na katulad ng handog ng mga pagano.

Pr. Adrian: Oo, ito ang problema. Kaya ngayon, nais nating kunin ang lahat ng ito at ilapat natin ito sa Daniel kabanata 8. Handa na ba nating gawin ito?

Ang paglilinis ng santuwaryo ay ang paglilinis ng kaluluwa sa pamamagitan ng Espiritu/dugo ni Kristo, na nagbibigay sa mga banal ng katuwiran/karakter ng Diyos.

Iyan ang ating naitatag.

Ang talata ng Kasulatan na higit sa lahat ay naging pundasyon at pangunahing haligi ng pananampalatayang Adventista ay ang pahayag na ito: “Hanggang sa dalawang libo at tatlong daang araw; kung magkagayon ay lilinis ang santuwaryo.” Daniel 8:14.
(*The Great Controversy*, p. 409)

Ano ang pangunahing haligi ng Adventismo? Daniel 8:14. Sa kasalukuyan, itinuturing ng karamihan sa mga Adventista na ang doktrina ng mapanuring paghuhukom ay isang maling katuruan at isang labi lamang ng sinaunang Adventismo na hindi na kinakailangan sa ngayon. Maaari mong tanggihan ang taong 1844 at manatili pa ring miyembro, ngunit kung naniniwala kang si Hesus ay Anak ng Diyos, hindi mo maaaring tanggihan iyon. Sapagkat marami sa mga pastor ang hindi naniniwala rito. At ito ang mahalagang punto, malinaw na ipinaliwanag ni Wieland sa aklat na *1888 Re-Examined* na ang doktrina ng mapanuring paghuhukom ay tuluyang nawawalan ng kapangyarihan kapag tinanggap mo ang doktrina ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya na itinuturo ng mga simbahang Protestante. Kapag tinanggap mo ang kanilang pananaw tungkol sa katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, ang doktrina ng Santuwaryo at ang 1844 ay nagiging walang kabuluhan. At pinatunayan iyon ni Desmond Ford. Ang lahat ay natapos na sa Krus. Ang pagbabayad-sala ay natapos na sa Krus, sapagkat ito ay

isang legal na proseso na nagpapawi at nagbibigay-kasiyahan sa poot ng Diyos. At kapag ito ay natapos na, wala nang iba pang kailangang gawin maliban sa simpleng maniwala sa kung ano na ang nagawa. Kaya, ang buong doktrina ng mapanuring paghuhukom ay walang saysay kung naniniwala ka sa doktrina ng pagpapalit ng kaparusahan.

Sino iyon [ang larawan sa PowerPoint slide]? Iyan ay si Baphomet. Iyan ang kambing na nasa loob ng limang-tulis na bituin.

Nakita ko ang tupang lalaki na nanunuwag patungo sa kanluran, hilaga, at timog, kaya walang hayop na makalaban sa kanya; at walang *sinuman* ang makapagliligtas mula sa kanyang kamay. Ginagawa niya ang ayon sa kanyang kagustuhan at lalo siyang naging makapangyarihan. Habang ako ay nag-iisip tungkol dito, biglang dumating ang isang kambing na lalaki mula sa kanluran, tumawid sa buong ibabaw ng lupa nang hindi sumasayad sa lupa; at ang kambing ay *may* isang kapansin-pansing sungay sa pagitan ng kanyang mga mata. Pagkatapos, lumapit siya sa tupang lalaki na may dalawang sungay, na nakita kong nakatayo sa tabi ng ilog, **at sinalakay niya ito nang may matinding galit at kapangyarihan.** Nakita ko siyang humarap sa tupang lalaki; **napuno siya ng poot laban dito,** sinalakay ang tupang lalaki, at binali ang dalawang sungay nito. Walang sapat na lakas ang tupang lalaki upang makalaban sa kanya. Ibinagsak niya ito sa lupa at niyurakan; at walang sinuman ang makapagliligtas sa tupang lalaki mula sa kanyang kamay. (Daniel 8:4-7)

Ngayon, tungkol saan ang tinutukoy nito? Ito ay tungkol sa Medo-Persia at Gresya. Ngunit ang poot at matinding galit ng Gresya, saan ito nagmumula? Kay Satanang. Kaya ang ipinapaliwanag ko sa *Cleansed by the Blood of Jesus* at gayundin sa *One Mediator* ay ang kuwentong ito ay ang nakikitang larawan ng hindi nakikitang orihinal na digmaan sa langit. Si Kristo ang tupang lalaki, at ang dalawang sungay ay kumakatawan sa Kanya at sa Kanyang Ama—ang kapangyarihan, isang pamahalaang may dalawang sungay, dalawang hari. Ang sungay ng kambing ay kumakatawan sa isang hari, na si Satanang; at hinahabol niya Siya. Bakit siya napuno ng galit? Dahil sa alitan o poot. At saan nagmula ang poot na iyon?

Sa pagbubukas ng malaking kontrobersya, ipinahayag ni Satanang

na ang batas ng Diyos ay hindi maaaring sundin, na ang katarungan ay hindi naaayon sa awa,

Ang katarungan ay hindi naaayon sa awa. Kung ang katarungan ay bahagi ng karakter ng Diyos at ang awa ay bahagi rin ng karakter ng Diyos, nangangahulugan ba ito na ang karakter ng Diyos ay hindi naaayon sa sarili nito?

Tagapakinig: Hindi.

Pr. Adrian: Kung gayon, ito ay dapat na isang kasinungalingan. Ang katarungan ay hindi maaaring salungat sa awa. At kapag sinabi niyang hindi magkatugma ang mga ito, ang katarungan ay humihingi ng kamatayan.

Tagapakinig: Hindi ito naaayon sa kanyang anyo.

Pr. Adrian: Hindi ito naaayon sa kanyang pagkaunawa tungkol sa katarungan.

at na, kung ang kautusan ay lalabagin, magiging imposible para sa makasalanang na mapatawad. Ipinilit ni Satanang na ang bawat kasalanang ay dapat tumanggap ng kaparusahan; at kung aalisin ng Diyos ang kaparusahan sa kasalanang, hindi na Siya magiging Diyos ng katotohanang at katarungan. (*The Desire of Ages*, p. 761)

Ipinahahayag ko sa inyo na ito ang binhing kailangang alisin sa puso ng tao. Ito ang pinakapuso ng paglilinis ng santuwaryo. Ang kaisipang ito: tungkol sa maling pag-unawa sa katarungan, na bunga ng maling pagkaunawa sa likas na karakter ng Diyos, ang siyang kailangang linisin mula sa puso ng tao. Nilililalang tayo ni Satanang sa usaping ito. At sa tuwing may gumagawa sa atin ng mali at nakakaramdam tayo ng galit, para nating pinagtitibay ang pahayag ni Satanang na ang bawat kasalanang ay dapat parusahan. Hindi ba?

Tagapakinig: Malalim na nakatanim sa likas na pag-iisip ng tao ang paniniwalang dapat laging manaig ang katarungan. Kapag ang isang tao ay pinalaya sa bilangguan nang mas maaga kaysa sa itinakda, iniisip nating mali iyon sapagkat naniniwala tayong dapat pairalin ang katarungan.

Pr. Adrian: Oo, dapat may katarungan; dapat may kaparusahan.

Halimbawa, kung ang isang tao ay hahampasin ng maraming latigo, ilan ba ang nararapat na ipalo sa kanya? Ilang hagupit? "Apatnapu, maliban sa isa," bilang pagpapakita ng awa. Ngunit bakit hindi walumpu? Bakit hindi dalawampu? Hindi ba't tila batay lamang ito sa isang itinakdang bilang? Sa gayon, nagiging isang bagay na nakabatay lamang sa pasyang itinakda ng tao ang kaparusahan, hindi ba? Ganoon din sa haba ng pagkakabilanggo ng isang tao, tila nagtatakda lamang ng isang bilang ng taon.

Ang mapaghatol na impluwensiya ni Satanas ang nagtutulak sa kanya na magtatag ng isang katuruan tungkol sa katarungan na hindi naaayon sa awa.

At malinaw nating naipakita na ang tunay na katarungan ay awa. Ngunit sinasabi ni Satanas, "Hindi, ang katarungan ay kaparusahan. Ang awa ay ang hindi pagpapataw ng kaparusahan." Sa ganitong paraan, lubusan niyang binaluktot ang pagkaunawa sa likas na karakter ng Diyos at pinalitan ito ng ibang sistema ng pag-iisip.

Inaangkin niyang siya ang kumakatawan bilang tinig at kapangyarihan ng Diyos. Inaangkin din niyang ang kanyang mga pasiya ay siyang tunay na katarungan, dalisay, at walang anumang pagkakamali. Kaya't inilalagay niya ang kanyang sarili sa luklukan ng paghatol at ipinahahayag na ang kanyang mga pasiya ay hindi maaaring magkamali. Dito pumapasok ang kanyang katarungang walang awa [Kung gayon, nangangahulugan itong ang katarungan ng Diyos ay may kasamang awa, hindi ba?] isang huwad na uri ng katarungan na kasuklam-suklam sa Diyos. (*Christ Triumphant*, p. 11.4)

Ito ang puwersang nagtutulak sa buong kasaysayan ng sangkatauhan; ang huwad na sistemang ito ng katarungan. Ang matinding galit sa pagitan ng mga bansa, ang poot, at ang pagnanais na manira at pumatay ay pawang nagmumula sa ganitong pananaw tungkol sa katarungan. Kaya't magpatuloy tayo.

Kaya't ang lalaking kambing ay lumaking totoong dakila; [kaya, ang ideya ni Satanas ay lumaking napakahusay] ngunit nang siya ay lumakas, ang malaking sungay ay nabali, at bilang kahalili nito ay apat na kilalang sungay ang umahon patungo sa apat na

hangin ng langit. At mula sa isa sa kanila ay lumabas ang isang maliit na sungay na lumaking lubha sa dakong timog, sa dakong silanganan, at sa maluwalhating *Lupain*. [At hindi ako pupunta sa makalangit na pagpapaliwanag niyan.] At ito ay lumaki hanggang sa hukbo ng langit; at ibinagsak nito sa lupa ang *ilan* sa hukbo at ang ilan sa mga bituin, at niyurakan sila. Itinaas pa niya ang kanyang *sarili* na kasingtaas ng Prinsipe ng hukbo; at sa pamamagitan niya ay inalis ang araw-araw na mga hain, at ang dako ng kaniyang santuario ay ibinagsak. Dahil sa pagsuway, isang hukbo ang ibinigay *sa sungay* upang salungatin ang araw-araw na *paghahain*; at inihagis niya ang katotohanan sa lupa. Ginawa niya *ang lahat ng ito* at umunlad. (Daniel 8:8-12)

Kaya ngayon, ibabahagi ko sa inyo ang isang pahayag ni Waggoner na, sa aking paniniwala, ay malinaw na nagpapaliwanag kung ano mismo ang naganap dito.

...iniwan natin ang usapin ng pakikipagkasundo ayon mismo sa pagkakalatag nito sa Kasulatan. At bagama't maraming sinasabi ang Kasulatan tungkol sa pangangailangang ang tao ay makipagkasundo sa Diyos, ni minsan ay hindi nito ipinahihiwatig na kailangan namang makipagkasundo ang Diyos sa tao. Ang magpahiwatig ng gayong kaisipan ay isang mabigat na paratang laban sa likas na karakter ng Diyos. **Ang kaisipang ito ay pumasok sa Simbahang Kristiyano sa pamamagitan ng Kapapahan, na siya namang humiram nito mula sa Paganismo, kung saan ang tanging pagkaunawa nila sa Diyos ay isang nilalang na ang poot ay kailangang mapawi sa pamamagitan ng isang hain.** (E.J. Waggoner, *Present Truth UK*, September 21, 1893)

Iyan ang ipinakikita sa Daniel 8. Ang paganong kaisipan tungkol sa paghahain, na nagsimula sa Gresya, ay nailipat sa paganong Roma. Mula roon, ito ay dinala sa Roma ng Kapapahan sa anyo ng katuruan ni Anselm tungkol sa pagbibigay-kasiyahan sa hinihingi ng katarungan. Pagkatapos, ito naman ay pumasok sa Protestantismo sa anyo ng pamalit na kaparusahan. Ang lahat ng ito ay tuwirang nagmula sa Paganismo, na ang pinagmulan naman ay ang kaisipan ni Satanas na ang bawat kasalanan ay dapat maparusahan. At ito ang kailangang alisin at linisin mula sa ating mga santuwaryo.

Ito ang itinuturo ng mensahe noong 1888. Ngayon, basahin natin ang isinulat ni Fifiield sa kanyang bagong aklat, *The Water of Life*—napakaganda!

Natutuklasan din natin kung gaano kakulang at walang matibay na batayan ang marami sa mga kaisipang karaniwang itinuturo tungkol dito. Wala nang mas malinaw na halimbawa nito kaysa sa mga turo tungkol sa dugo ni Kristo. Ang pagpasok ng mga paganong kaisipan sa Kristiyanismo noong panahon ng malaking apostasya sa mga unang yugto ng kasaysayan ng iglesia ay nagdala ng paganong pagkaunawa sa likas na karakter ng Diyos at ng paganong pananaw tungkol sa paghahain, at iniugnay ang mga ito sa paghahain ni Kristo sa krus. Dahil dito, nabaluktot at nabago ang buong pagkaunawa tungkol sa pagtubos at sa pamamagitan ni Kristo. [Nakikita ba ninyo ang pangunahing punto?]

Sa pagbabagong ito, nawala ang kahanga-hangang aral ng Kasulatan na ang dugo ay sumasagisag sa buhay — isang aral na tumatakbo na parang pulang sinulid sa buong Biblia — sa halip, ang pumalit ay ang paganong kaisipan na ang literal na dugo ay kailangang dumanak upang mapawi ang poot ng Diyos. (George Fifiield, *The Water of Life*, pp.75-76)

Ito ang ipinakikita sa Daniel kabanata 8. Dito ay itinataas ni Satanas ang kanyang sarili na parang siya ang Pinuno ng hukbo ng langit, at ipinakilala ang paghahain ni Kristo na tila isang handog sa Ama upang bigyang-kasiyahan Siya. Gayunman, sa katotohanan, ang ganitong pananaw ay nagpapakita na ang hain ay para kay Satanas upang bigyang-kasiyahan ang kanyang hinihingi.

Ayon sa pananaw na ito, ang dugo ni Kristo ay tumutukoy sa Kanyang kamatayan, isang kamatayang sinasabing naging kinakailangan dahil sa hinihingi ng Ama na mabigyang-kasiyahan ang kasalanan ng tao. Dahil nagkasala ang tao, karapat-dapat siyang mamatay. Itinuturo na bago siya mapatawad at maligtas ng Diyos, kailangan munang mapawi ang Kanyang poot o mabigyang-kasiyahan ang Kanyang katarungan. Kaya namatay si Kristo at ibinuhos ang Kanyang dugo bilang kahalili ng tao. Ang

lahat ng tumatanggap sa Kanyang kamatayan sa pamamagitan ng pananampalataya bilang para sa kanila ay pinagkakalooban ng kapatawaran at, ayon sa ganitong pangangatwiran, itinuturing na silang malinis at malaya sa kasalanan,

Maaaring gamitin dito ang salitang “hocus pocus.” At saan nagmula ang salitang iyon? Mula ito sa salitang Latin na “hocum pocum,” na iniuugnay sa misa. Tinatawag nila itong ‘hocus pocus.’ Sa pagkakaunawa ko, ito ay isang panunuya ng mga Protestante laban sa misa.

o kaya naman ay palayain mula sa kaparusahang sinasabing nararapat sa kanila. Walang pag-aalinlangan [Ano? Walang pag-aalinlangan!] ipinapahayag natin na ang buong kaisipang ito ay mali, hindi naaayon sa Kasulatan, at hindi katulad ng likas na karakter ng Diyos. (George Fifiield, *The Water of Life*, p.76)

Dito naroon ang paglilinis ng santuwaryo. Ang pahayag na ito mismo ang tumutukoy sa paglilinis ng santuwaryo. Inaalís nito ang buong maling paganong kaisipan tungkol sa pagbabayad-sala at binubuksan ang daan para sa paglilinis ng santuwaryo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng tunay na karakter ng Diyos. Nakikita ba ninyo na ang ebanghelyong ipinapangaral natin ay lubos na naiiba? Sinabi ni Pablo, “Kung ang sinuman ay mangangaral ng ibang ebanghelyo kaysa sa ipinangaral ko sa inyo, siya ay sumpain.” (Galacia 1:8-9). Hindi ibig sabihin na siya ay sinumpa ng Diyos, kundi siya mismo ay mapapahamak dahil sumasamba siya sa isang diyos ng sumpa, kamatayan, at pagkawasak.

Paglilinis ng santuwaryo.

Pagkatapos ay narinig ko ang isang banal na nagsasalita; at *isa pang* banal ang nagtanong sa nagsasalitang iyon, “Hanggang kailan magaganap ang pangitain *tungkol* sa araw-araw na *handog*

Hanggang kailan magpapatuloy ang kaisipang ito ng pagpapalubag sa pamamagitan ng paghahain ng dugo at ng kasalanang nagdudulot ng pagkawasak, na kalaunan ay pumasok sa Roma, Protestantismo, at Adventismo,

at ang kasalanang nagdudulot ng pagkawasak, ang pagbibigay ng

santuwaryo at ng hukbo upang yurakan at tapakan?”

Sa ganitong paganong pananaw tungkol sa paghahain at dugo.

At sinabi niya sa akin, “Hanggang sa dalawang libo at tatlong daang araw; pagkatapos nito ay lilitisin [ipagkakatuwiran] ang santuwaryo.” (Daniel 8:13-14)

At ang salita ay *pinagtibay* dahil ang salitang 'nilinis' sa Hebrew ay nasa anyong balintiyak, ibig sabihin ay hindi Diyos ang gumagawa nito, dahil ang hatol ay nasa atin. Hinahatulan natin ang Diyos at ang Kanyang karakter. Ang Diyos ba ay humingi ng sakripisyo o hindi?

Narito ang bersiyong English Standard,

At sinabi niya sa akin, “Sa loob ng 2,300 na gabi at umaga. Pagkatapos nito, ang santuwaryo ay maibabalik sa nararapat nitong kalagayan.” (Daniel 8:14, ESV)

Nilinis mula sa ano? Mula sa poot ng kambing at sa huwad na sistemang pangkatarungan?

Paano? Sa pamamagitan ng pagtanggap sa katuwiran at karakter ni Kristo

Konklusyon: Nagwawagi ang Diyos kapag Siya ay hinahatulan. (Roma 3:4). Hinahatulan ng mga banal ang Diyos bilang Matuwid. (Pahayag 15:3).

Nakikita ba ninyo? Sa palagay ko ay sapat na ang naipakita kong larawan upang ipaliwanag kung gaano kahalaga ang usaping ito, at na kailangan nating ihayag ito sa mga tao. Ngayon ay mayroon na tayong aklat na *The Water of Life*, at iminumungkahi ko na kailangan din nating ilabas ang aklat ni Donald Short na *The Cleansing of the Sanctuary*, na nagsasabi rin ng eksaktong parehong kaisipan. Kailangan nating ipamahagi ang mga ito na parang mga dahon ng taglagas na ikinakalat ng hangin.

At oo, sa kasalukuyan, walang nakikinig sa atin. Walang sinumang interesado sa anumang nais nating sabihin sa panahong ito; maliban sa iilan dito at doon; isa rito, isa roon; dalawa sa isang lungsod, isa sa

isang bayan, isa mula sa isang pamilya. Ngunit malapit nang magbago ang kalagayang ito.

Kaya maraming salamat sa inyong lahat. Nawa'y naging malinaw sa inyong isipan ang mga bagay na ito, at tatapusin natin ito sa pamamagitan ng isang panalangin.

Pangwakas na Panalangin:

Mahal naming Ama sa Langit, nagpapasalamat kami sapagkat nabigyan Mo kami ng pagkakataong gugulin ang oras na ito upang pag-aralan ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, upang makita ang katotohanan tungkol sa Iyong likas na karakter, na Ikaw ay hindi tagapuksa, at na maaari naming maranasan ang paglilinis ng aming santuwaryo upang alisin ang huwad na sistemang pangkatarungang ito. At Ama, malalaman naming naalis na ang sistemang ito ng katarungan kapag tumigil na kami sa pagrereklamo laban sa pamahalaan, kapag tumigil na kami sa pagrereklamo tungkol sa mga taong nakapaligid sa amin, kapag tumigil na kami sa pagdaing at paghiling ng kaparusahan para sa iba, o maging para sa aming sarili, at sa halip ay mananalangin lamang kami at hihingi ng awa. Ipagkaloob Mo po sa amin ang Iyong Espiritu. Salamat, Panginoong Hesus, sa pagtanim sa aming mga puso ng katotohanang kami ay Iyong minamahal na mga anak. Tinatanggap namin ang katotohanang ito, pinaniniwalaan namin ito, at nagpapasalamat kami sa pakikinig Mo sa panalangin ito sa pangalan ni Hesus. Amen.

ANG KARAKTER NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA

Pinagsasama-sama nito ang mahigit 25 taon ng pananaliksik. At maaari nating sabihin, tulad ng sinabi ni Pablo sa simula ng Hebreo kabanata 8, “Sa lahat ng ating sinabi, ito ang buod” — *Ang Karakter ng Diyos sa pamamagitan ng Pananampalataya*. Susuriin natin ang ilan sa mga kasaysayan tungkol sa paksang ito, na iniuugnay ang karakter ng Diyos sa katuwiran, sapagkat ginagamit ko ang mga salitang *karakter ng Diyos* bilang kapalit ng salitang *katuwiran*. Wasto ba ang ganitong pagpapalit ng mga salita? Alamin natin sa presentasyong ito. At iuugnay natin ito sa puso ng Adventismo, na may kaugnayan sa paglilinis ng santuwaryo. Lagi tayong kailangang bumalik sa mahalagang usaping ito tungkol sa paglilinis ng santuwaryo. Titingnan natin ang ilang mga pahayag, pag-iisipan ang mga ito, at sisikaping suriin ang bawat linya habang pinag-aaralan natin ang paksang ito.